# Kataga ng Buhay

**Pebrero 2026**

## “Pagmasdan ninyo, binabago ko na ang lahat ng bagay”

**(Pahayag 21:5).**

Itong Kataga ng Buhay ay hango sa aklat ng Pahayag, ang kahuli-hulihan sa mga sinulat na aklat ng Bagong Tipan. Ang pamagat ay nangangahulugang pagpapakita at pagpapahayag, at layunin ng may-akda na tulungan tayong maunawaan ang mga huling bagay: ang pagbabalik ni Kristo sa lupa, ang tiyak na pagkatalo ng kasamaan, at ang pagsikat ng isang bagong langit at isang bagong lupa.

Hindi madaling maunawaan ang mga salitang ito. Sinulat ito sa mga taong 81-96 AD. Matindi ang pag-uusig sa mga Kristiyano. Nababalot sa takot ang Kristiyanong komunidad. Tinatanong nila: Ano ang mangyayari sa atin at sa mensaheng ipinagkatiwala sa atin? Bakit hindi namagitan ang Diyos?

Ito ang kalagayan nila noong ipinatapon ng mga Romano ang may-akda sa isla ng Patmos. Dito siya nagkaroon ng serye ng mga pangitain, at inutusan siyang isulat ang mga ito.

### “Pagmasdan ninyo, binabago ko na ang lahat ng bagay.”

Hangad ng aklat ng Pahayag na magbigay ng pag-asa sa mga inuusig na komunidad: sa kabila ng kahirapan at karahasan sa panahong iyon, sa kabila ng walang katiyakan sa hinaharap, ang kabutihan ay magtatagumpay sa huli at babaguhin ng Diyos ang lahat ng bagay.

“Maging sa kasalukuyang panahon, sa panonood natin ng balita o pagbasa ng pahayagan, ganoon na lang karami ang trahedya at pagkabalisa sa mundo na may panganib na mawalan na tayo ng malasakit sa ibang tao. […] Ngunit may isang Ama na umiiyak kasama natin; may isang Ama na naluluha dahil sa Kanyang walang hanggang malasakit sa Kanyang mga anak. Isang Ama na naghihintay upang aliwin tayo, dahil alam Niya ang ating pagdurusa at naghanda na Siya ng naiibang kinabukasan para sa atin. Ito ang dakilang pananaw ng maka-Kristiyanong pag-asa, na saklaw ang bawat araw ng ating buhay at nais na ibangon tayong muli.” [1]

### “Pagmasdan ninyo, binabago ko na ang lahat ng bagay.”

Hindi natin malalaman kung kailan at paano ito mangyayari, at walang saysay na maghanap ng kasagutan. Gayunpaman, nakatitiyak tayong mangyayari ito.

“Ipinapakita sa atin ng mga huling pahina ng Bibliya ang huling abot-tanaw ng paglalakbay ng mananampalataya: ang Jerusalem ng Langit, ang makalangit na Jerusalem. Ito’y nilalarawan bilang isang napakalaking tolda, kung saan tatanggapin ng Diyos ang lahat ng tao upang manirahan kasama nila magpakailanman (Pahayag 21:3). Ito ang ating pag-asa. At ano ang gagawin ng Diyos kapag sa wakas ay kasama na natin Siya? Ipapakita Niya sa atin

ang walang hanggang pagmamahal, tulad ng isang Ama na tumatanggap sa kanyang mga anak na matagal nang naghirap at nagdusa. ‘Masdan ninyo, ang tahanan ng Diyos ay nasa piling na ng mga tao! [⋯] Papahirin niya ang bawat luha sa kanilang mga mata. Wala nang kamatayan, dalamhati, pagtangis, at paghihirap, sapagkat lumipas na ang dating mga bagay. [⋯] Pagmasdan ninyo, binababago ko na ang lahat ng bagay!’ (Pahayag 21:3-5). Ang Diyos ng mga bagong bagay!”[2]

## “Pagmasdan ninyo, binabago ko na ang lahat ng bagay.”

Paano natin dapat isabuhay ang Kataga ng Buhay ngayong buwan?

“Tinitiyak nito sa atin na tayo’y nasa landas patungo sa isang bagong mundo na inihahanda at itinatayo na ngayon. Samakatuwid, hindi lamang ito isang paanyaya na kumalas at tumakas sa mundo ng kasalukuyan. Nais ng Diyos na baguhin ang lahat ng bagay: ang ating personal na buhay, ang mga pagkakaibigan, ang pag-ibig ng mag-asawa, ang pamilya. Nais Niyang baguhin ang buhay ng lipunan, ang mundo ng trabaho, paaralan, kultura, libangan, kalusugan, ekonomiya, at politika⋯ sa madaling salita, lahat ng larangan ng aktibidad ng tao. Ngunit upang magawa ito, kailangan Niya tayo. Kailangan Niya ng mga taong hahayaang mabuhay ang Kanyang Salita sa kanila, na maging Kanyang buhay na Salita, isang katulad ni Hesus sa kanilang kapaligiran.”[3]

Naunawaan ni Alice, isang batang Kristiyano, na ang pagsunod sa kanyang bokasyon ay nangangailangan ng isang malalim na pagbabago upang pahintulutan ang Diyos na kumilos nang ganap sa kanyang buhay at panibaguhin ito. Nakatanggap siya ng isang “napakalaking regalo” — ang pagkakataong pumunta at manirahan sa India. Doon, naranasan niya ang tunay na kagalakan at nadama ang pagiging babad sa biyaya ng Diyos, kahit sa mga mahihirap na sandali. Kaya naman naglaan siya ng panahon sa panalangin, sa buhay sa komunidad, at sa paglilingkod bilang boluntaryo. Lubha siyang naantig sa mga bata sa ampunan: sa kabila ng kanilang pagiging dukha, nagpakita sila ng pambihirang sigasig at nagturo sa kanya ng napakaraming bagay tungkol sa buhay. Hindi lamang isang karaniwang paglalakbay ang panahon ni Alice sa India, ito’y isang banal na paglalakbay, isang paglalakbay na may “mga pagtaas at pagbaba,” kung saan kinailangan niyang “alisin ang laman ng kanyang backpack,” ngunit sa huli ay nakahanap ng kayamanan at kalayaan.

Augusto Parody Reyes at ang pangkat ng Kataga ng Buhay

Each month the Focolare offers a Scripture passage as a guide and inspiration for daily living.

---

1. Cf. Papa Francisco, Pangkalahatang Panayam, 23 agosto 2017. Catechesis tungkol sa Maka-Kristiyanong pag-asa.
2. Ibid.
3. Cfr. C. Lubich, Parole di Vita, ed. Fabio Ciardi, (Opere di Chiara Lubich 5), Città Nuova, Rome, 2017, p. 429.

**Distributed in Japan by Focolare:**
www.focolare.org/en
www.focolare.org/japan
e-mail:tokyofocfem@gmail.com foc.nagasaki@mxc.cncm.ne.jp
Tokyo:03-3330-5619/03-5370-6424 Nagasaki: 095-849-3812